- Quezon City Public Library (QCPL) / Public libraries / Japanese language

# QC LGU library muling nagbukas ng free online Japanese language class

Nagbukas ulit ang Quezon City Public Library (QCPL) ng libreng online basic Japanese language classes mula ala-1 ng hapon hanggang alas-3 ng hapon.

Ayon sa QCPL magsasagawa sila ng 11 classes o isa kada buwan ngayong taon na magsisimula ngayong February 19, Biyernes at magtatapos hanggang December 9.

Ang programa na unang nailunsad ng QC LGU noong 2019 sa pakikipag-tulungan ng Jellyfish Education Philippines, Inc. ay bukas sa lahat ng Pinoy na may 18-anyos at pataas.

Sa programang ito, ang bawat estudyante ay kailangang may laptop, desktop, o smartphone gayundin ng stable internet connection at zoom account.

Tatanggap ang QCPL ng registration para dito hanggang Pebrero 10 sa link na https://bit.ly/Registration_Jan-Dec2024.

Aabot lamang sa 500 aplikante ang papayagan sa bawat klase. *(Angie dela Cruz)*